# *Ang Kinabukasan ng ating mga Anak ay nasa ating mga Kamay Yugto 4*

Sa pagbabalik sa pamilya ni Isaac at pagkatapos ng ginawa nina Rebeca at Jacob, ang mga tanong dito ay ang mga sumusunod: Kailangan ba talagang ipadala ni Isaac si Jacob na mag isa kay Laban? Maaring mahirap magbigay ng sapat na sagot. Para sa akin kung ako ay nasa lugar ni Isaac, hindi ko siya ipapadala.

Ligtas bang ipadala siyang mag isa? Hindi saa lahat para gawin iyon, hindi kailan man; mapanganib ang paglalakbay na tinahak at pinagdusahan ni Jacob dito, hindi lang ang hirap ng buhay kundi nalantad siya sa ibang uri ng tukso at kasalanan kung nanatili lang siya sa bahay ng kanyang ama ay hindi siya malalantad at mahuhulog.

Mukhang pagkalito kung ano ang pinagdadaanan ng pamilyang iyon at hindi malinaw ang mga bagay bagay dahil may kasalanan, at ang ina ay hindi handang magsisi at ang ama ay hindi alam kung ano ang kailangan niyang gawin, o nalilito o pinipilit ng asawa tulad ng maraming lalaki na pinipilit ng kanilang mga asawa.

Ating basahin ang opinyon ni Abraham tungkol sa bagay na ito. Nang nais ayusin ni Abraham ang pag aasawa ng kanyang anak na si Isaac, inutusan niya ang kanyang alipin ng mga sumusunod: ***"1 At si Abraham ay matanda na, at lipas na sa panahon: at pinagpala ng Panginoon si Abraham sa lahat ng mga bagay. 2 At sinabi ni Abraham sa kaniyang alilang katiwala, sa pinakamatanda sa kaniyang bahay na namamahala ng lahat niyang tinatangkilik: Ipinamamanhik ko sa iyo na ilagay mo ang iyong kamay sa ilalim ng aking hita: 3 At ikaw ay aking pasusumpain, alangalang sa Panginoon sa Dios ng langit at Dios ng lupa, na hindi mo papag-aasawahin ang aking anak sa mga anak ng mga Cananeo na siyang aking pinakikitahanan: 4 Kundi ikaw ay paroroon sa aking lupain, at sa aking kamaganakan, at papag-aasawahin mo roon ang aking anak na si Isaac. 5 At sinabi sa kaniya ng lingkod, Sakaling hindi iibigin ng babae na sumama sa akin sa lupaing ito: dapat ko bang ibalik ang anak mo sa lupaing pinanggalingan mo? 6 At sinabi sa kaniya ni Abraham, Ingatan mong huwag ibalik doon ang aking anak." (Geness 24:1-6 KJV)*** Tumanggi si Abraham sa kanyang alipin na dalhin ang kanyang anak na si Isaac papunta sa dakong iyon. Gumawa si Abraham ng ipinagbabawal na hindi dapat pumunta ang kanyang anak sa lugar na iyon nang sabihin niya ***"Ingatan mong huwag ibalik doon ang aking anak."*** Tatanungin mo kung bakit? Dahil batid ni Abraham ang mga panganib ng lugar na iyon, at ang mga panganib sa pagpapadala ng kanyang anak na manatili at manirahan doon, dahil batid niya ang ginagawa ng kanyang pamilya at kung paano nila tatatratuhin ang kanyang anak. Bibigyan ko kayo ng isang halimbawa niyon. Nang ipadala ni Abraham ang kanyang alipin at nagkasundo sila sa kanyang kahilingan na dalhin si Rebeca kasama niya, sinabi niya sa kanila, ***, "si Rebeca ay nasa harap mo, dalhin mo, at yumaon ka"***, ngunit sa ikalawang araw ay sinubukang nilang manatli siya hanggang sampung araw at pigilan siya mula sa pagbalik. Ating basahin: ***"50 Nang magkagayo'y sumagot si Laban at si Bethuel, at sinabi, Sa Panginoon nagmumula ito: kami ay hindi makapagsasabi sa iyo ng masama o ng mabuti. 51 Narito, si Rebeca ay nasa harap mo, dalhin mo, at yumaon ka, at siya'y maging asawa ng anak ng iyong panginoon, na gaya ng sinalita ng Panginoon. 52 At nangyari, na pagkarinig ng alilang katiwala ni Abraham ng kaniyang mga salita, ay nagpatirapa sa lupa sa harap ng Panginoon. 53 At naglabas ang alilang katiwala ng mga hiyas na pilak at mga hiyas na ginto, at mga damit, at mga ibinigay kay Rebeca: nagbigay rin siya ng mga mahalagang bagay sa kaniyang kapatid na lalake at sa kaniyang ina, 54 At nangagsikain at nangagsiinom siya at ang mga taong kasama niya, at doon nagparaan ng magdamag, at sila'y nagsibangon ng umaga at kaniyang sinabi, Suguin ninyo ako sa aking panginoon. 55 At sinabi ng kaniyang kapatid na lalake, at ng kaniyang ina, Matira ang dalaga sa aming ilang araw, sangpung araw man lamang; pagkatapos ay paroroon siya. 56 At sinabi niya sa kanila, Huwag ninyo akong pigilin, yamang pinagpala ng Panginoon ang aking lakad; papagpaalamin na ninyo ako, upang ako'y umuwi sa aking panginoon. 57 At kanilang sinabi, Tatawagin namin ang dalaga at uusisain namin sa kaniyang bibig. 58 At kanila ngang tinawag si Rebeca, at kanilang sinabi sa kaniya, Sasama ka ba sa lalaking ito? At sinabi niya, Sasama ako." (Genesis 24:50-58 KJV)*** Kung sa alipin ni Abraham ay ginawa nila ang gayon na napakalakas, at talagang inilagay niya sila sa sulok na siya ay babalik nang walang Rebeca, at iyon ang dahilan kung bakit napilitan silang tawagin ang dalaga at tinanong siya. Hindi siya nagmakaawa sa kanila na tanungin ang dalaga kundi sa kanilang sarili dahil nakita nila na siya ay babalik. Kung gayon gaano pa ang gagawin nila kay Jacob na nagpunta sa kanila na walang laman ang kamay at tumakas mula kay Esau. Lalo na kung sinabi niya ang kanyang salaysay kay Laban lalo siyang aabusohin at sasamantalahin.

Sinasabi ng mga tao sa akin, bakit siya natatakot, bakit siya estrikto, bakit hindi pinapayagan? Dahil alam ko ang Banal na Kasulatan at alam ko ang mga panganib ng pagbali ng mga alintuntunin ng Banal na Kasulatan at itinuturo ko ngayon sa gayo'y ang iyong mga anak ay mapasa ligtas na kapaligiran at mapoprotektaha at magkaroon ng pamagpalang kinabukasan. Kaya naman ibinigay ng Dios sa atin ang Kanyang Salita upang turuan tayo, kaya naman ibinigay ng Dios sa atin ang Kanyang Banal na Espiritu upang turuan tayo at kaya naman naglagay ang Dios ng mga guro upang turuan tayo. Si Jacob ay ipinadala sa isang maling lugar, Si Jacob ay ipinadala sa mga taong mapanganib. Batid ni Isaac ang sinabi ni Abraham at sinabi sa kanyang anak na si Jacob na huwag mag asawa mula sa bayan ng Canaan gaya ng sinabi ni Abraham sa kanyang alipin, kaya batid

niya rin na hindi niya dapat ipadala si Jacob doon gaya ng pag uutos ni Abraham sa kanyang alipin na huwag dalhin si Isaac sa Haran. Kung ang kanyang ama ay hindi siya pinayagang pumunta doon kung gayon hindi niya dapat hinayaan si Jacob na pumunta doon. Ipinadala ni Isaac si Jacob sa isang mapanganib na lugar, kailangan niyang may kamalayan, at hindi dapat baliin ang alintuntunin ng Dios at ang aral na ibinigay ng Dios sa pamamagitan ni Abraham. * Makinig dito, sa tuwing binabali mo ang alintuntunin ng Salita ng Dios asahan mong may mga problema at hindi mga pagpapalang darating sa buhay mo. * Makinig kapag alam mo ang alituntunin kung gayon ay huwag yumuko sa mga tao at hayaan silang pilitin kang baliin ang alituntuning iyon at magdala ng mga problema sa iyong buhay at sa buhay ng iyong pamilya. Ang ginawa ni Isaac sa pagpapadala kay Jacob sa Haran ay isang nakamamatay na pagkakamali at hindi niya dapat gawin iyon, lalo na siya'y ipinadalang mag isa.

Kami'y nanalangin sa Dios ayon sa bagay na ito: ***"13 At huwag mo kaming ihatid sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama. Sapagka't iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailan man. Siya nawa." (Mateo 6:13 KJV)*** Hindi dapat nating akayin ang ating mga anak sa daan na mag aakay sa kanila sa mga tukso at magdudulot sa kanila na bumagsak sa mga kaguluhan ng kasalanan. Huwag maging makamundo at magisip ng makamundong mga bagay kundi maging banal at magisip ng tungkol sa mga banal na bagay. Ang mga makamundong bagay na magdudulot sa ating mga anak na mahulog sa kasalanan kailangan nating tanggihan at iwasan ang pagdurusa ng ating mga anak sa mga bunga ng mga kasalanan. Kung may nagawa ka man sa iyong mga anak at naging dahilan upang magkasala sila ay hindi kalooban ng Dios na magkaroon sila nito.

Kung tatanungin si Rebeca sa oras na iyon tungkol sa kanyang anak, maaari niyang sabihin ito sa ganitong paraan, sa paraang katulad ng iyong pagsasalita upang pagtakpan ang iyong maling ginawa na hindi ka handang magsisi. *'Pinapunta namin siya sa Haran, sa Padanaram, Mesopotamia, sa kapatid ko, doon siya magtatrabaho, anuman ang ginagawa niya dito sa bahay ay ilalim ng kanyang ama, hindi siya tumatanggap ng upa, ngayon ay maari na siyang magtrabaho at tumanggap ng upa, kahit man lang doon nakatira sila sa mga bahay samantalang dito kami nakatira sa mga tolda, at maari rin siyang mag asawa doon'*, Ngunit hindi niya sasabihin kung bakit bigla siyang umalis, at hindi niya alam ang pagdurusang dinanas niya at ang mga kasalanang naranasan niya. Sa gayon ding estilo ang mga taong hindi nagsisi ay magsasalita; Nasaan ang anak mong lalaki, nasa San Francisco, USA, Nasaan ang anak mong babae, nasa Torento, Canada, Nasaan ang anak mong lalaki, sa Sidney, Australia, Nasaan ang anak mong babae, sa UK, sa Haran, Padanaram, Mesopotamia, atbp at hindi babanggitin ang paghihirap na kanilang pinagdadaanan at ang kasalanang kanilang tinitirhan; pagkakaroon ng kasintahang lalaki, nakatira sa lalaki, isang solong ina na, atbp. Mga kapatid ko ay hindi ko nakita sa Biblia na pinaalis ng isang maka Dios na pamilya ang kanyang mga anak maliban na lamang kung sila ay pinaalis bilang parusa ng Dios sa kasalanan. Kung hindi mo narinig ang gayong turo noon ay tanggapin mo ito nang masaya para sa iyong sariling kapakanan at huwag mo akong usigin kung inihayag ito ng Dios sa akin.

Ano ang maitatanong natin ngayon, kinakailangan ba ni Jacob na pumunta doon? Ang aking sagot ay Hindi kailangan. Bakit at paano? Hayaan mong ipaliwanag ko sa iyo. Ang kanyang dahilan ng pagpunta doon ay dahil kinailangan niyang lumayo mula sa kanyang kapatid na si Esau na nais patayin siya. Ngunit ito ay nakaugany lamang sa isang kondisyon, na kung saan sa kamatayan ng kanyang ama. Si Esau ay naghihintay para sa kamatayan ng kanyang ama para patayin si Jacob gaya ng mababasa natin dito, ***"41 At kinapootan ni Esau si Jacob, dahil sa basbas na ibinasbas sa kaniya ng kaniyang ama; at sinasabi ni Esau sa sarili, Malapit na ang mga araw ng pagluluksa sa aking ama; kung magkagayo'y papatayin ko si Jacob na aking kapatid." (Genesis 27:41 KJV)*** Samakatuwid dahil ang kanyang ama ay buhay pa kung gayon siya ay ligtas at hindi na kailangan para sa kanya na lumayo sa kanyang pamilya. Si Isaac ay nabuhay ng 43 na mga taon mula sa araw ng pangyayaring iyon; kahit ng dalawampung taon nang si Jacob ay bumalik si Isaac ay buhay pa, at nasaksihan maging ang pagkawala ni Jose, at buhay matapos ng pagkawala ni Jose ng labindalawang taon. * Kaya dito hindi natin babaliin ang espirituwal na alintuntunin na umaasang tatanggapin natin ang pagpapala mula sa Dios ng walang kaguluhan. * Si Jacob ay ipinadala para magdusa dahil sa kasalanan at dahil sa kalituhan na nagtulak sa kanila na gumawa ng maling mga pagpipilian at maling desisyon. Maaring magpadala si Isaac ng kanyang alipin at sundan ang ginawa ng kanyang amang si Abraham, at ang suliranin ay malulutas. * Ito ay isang pagkakamali na ipadala ni Isaac si Jacob sa Haran. Tinatawid nito ang mapanganib na lugar. * Upang sabihin ko sa iyo ang katotohanan ang Haran ay mas mapanganib kay Jacob kaysa sa mga panganib na matatanggap niya mula sa kanyang kapatid na si Esau. Kung kailangan ni Jacob na harapin si Esau sa oras na iyon hayaan niyang harapin, dahil iyon ang kanyang sariling pagkakamali na ginawa at tiisin ito sa pagsunod sa makasalanang mga payo ng kanyang ina at alam niyang mali ito.

Kung gumawa ka ng isang maling desisyon at ipinadala mo ang iyong mga anak sa isang mapanganib na lugar kung gayon Sana ay mabawi mo sila at mailayo sa mga panganib, at ito ang payo ko sa iyo.

Sa maraming dako, isinasalaysay ng Bibliya ang nangyari, at minsan ay ibinibigay ng Dios ang Kanyang opinyon at sasabihin sa iyo kung tama iyon o hindi, ngunit sa ibang pagkakataon ang Biblia ay hindi

magbibigay ng opinyon, kaya kapag binabasa mo at nagmumuni muni kailangan mong makilala kung ano ang nangyayari. Paano mo matutuklasan iyan sa paghahambing ng pangyayaring nangyari sa itinuturo ng Kasulatan at para makita mo nang malinaw.

Sinimulan na nating talakayin ang pagdurusa ni Jacob matapos siyang itulak ng kanyang ina na magkasala at kung paano siya nagdusa sa kanyang buhay dahil sa mga maling gawain na ginawa niya sa kanyang ama at naging dahilan upang umalis siya sa bahay ng kanyang ama. Nauna na naming sinabi ang tungkol sa mga sumusunod:

***1. Ang pagdurusa ng pagsisikap sa masamang pangyayari:***

Ating basahin muli ang sagot ni Jacob kay Laban nang sinunsan niya siya na ibalik ang kanyang mga anak na babae at ang kanilang mga anak. Ang sagot na ito ni Jacob ay particular na matapos niyang halughugin ang mga tolda ni Jacob sinusubukang makita ang kanyang mga dios-diosan na kinuha ni Raquel at hindi nakita, pagkatapos ay sumagot si Jacob sa kanya. Sa sagot ni Jacob makikita natin ang pagdurusa ni Jacob na kinasadlakan niya habang siya'y nagtatrabaho sa ilalim ni Laban.

***"36 At naginit si Jacob at nakipagtalo kay Laban, at sumagot si Jacob, at sinabi kay Laban, Ano ang aking sinalangsang at ang aking kasalanan, upang ako'y habulin mong may pagiinit? 37 Yamang inapuhap mo ang lahat ng aking kasangkapan, anong nasumpungan mong kasangkapan, ng iyong bahay? Ilagay mo rito sa harap ng aking mga kapatid at ng iyong mga kapatid, upang hatulan nila tayong dalawa. 38 Ako'y natira sa iyo nitong dalawang pung taon: ang iyong mga babaing tupa, at ang iyong mga babaing kambing ay hindi nawalan ng kanilang mga anak, at ang mga tupang lalake ng iyong kawan ay hindi ko kinain. 39 Ang nilapa ng mga ganid ay hindi ko dinala sa iyo; ako ang nagbata ng kawalan; sa aking kamay mo hiningi, maging nanakaw sa araw, o nanakaw sa gabi, 40 Ganito nakaraan ako; sa araw ay pinupugnaw ako ng init, at ng lamig sa gabi; at ang pagaantok ay tumatakas sa aking mga mata. 41 Nitong dalawang pung taon ay natira ako sa iyong bahay; pinaglingkuran kitang labing apat na taon dahil sa iyong dalawang anak, at anim na taon dahil sa iyong kawan: at binago mo ang aking kaupahan na makasangpu, 42 Kung hindi sumaakin ang Dios ng aking ama, ang Dios ni Abraham, at ang Katakutan ni Isaac, ay walang pagsalang palalayasin mo ako ngayong walang dala. Nakita ng Dios ang aking kapighatian, ang kapaguran ng aking mga kamay, at sinaway ka niya kagabi." (Genessi 31:36-42 KJV)***

Isipin sa iyong isipan kung ano pa ang mga pagdurusang pinagdaanan ni Jacob?

***2. Maramihang pag aasawa at maling mga pagpili sa pag aasawa at sekswal na imoralidad:*** Si Jacob ay ipinadala ng kanyang ama upang mag asawa ng isang asawa gaya ng mababasa natin dito, ***"2 Tumindig ka, pumaroon ka sa Padan-aram, sa bahay ni Bethuel, na ama ng iyong ina, at kumuha ka ng asawa roon sa mga anak ni Laban, na kapatid na lalake ng iyong ina." (Genesis 28:2 KJV)*** Ngunit si Jacob ay nagtapos sa apat na asawa. Bakit hindi kailangang ipadala ni Isaac siya doon dahil kailangan pa niyang magabayan at maprotektahan mula sa kaaway na nagsamantala kay Jacob dahil ipinadala siyang mag isa. Siya ay pitumpong pitong taong gulang ngunit kinakailangan pang magabayan ng kanyang ama. Sasabihin nila, *Ang aking anak na lalaki ikaw may sapat na gulang na para magpasya para sa iyong sarili'. 'Ang aking anak na babae ikaw ay may sapat na gulang na para magpasya sa iyong sarili', 'Siya ay may sapat na gulang na upang magpasya sa kanyang sarili'*, ngunit pasensya na Hindi ko nabasa ang gayon sa Bibliya. Dito makikita mo si Jacob at ang kanyang kapighatian sa ilalim ni Laban na nagtapos sa apat na asawa. Una nais niyang maging asawa si Raquel, na hindi pinili ng Dios para sa kanya. Siya ay nabitag sa pamamagitan ng maling pagpiling ito. Dinaya siya ng kanyang tiyuhing si Laban gaya ng ginawa niya sa kanyang ama. Ibinigay ni Laban si Lea, na pinili ng Dios bilang isang asawa sa kanya, ngunit hindi nagawang makita iyon dahil wala ni isa mang gumabay sa kanya. Siya ay walumpong apat na taong gulang nang siya ay nag asawa ka Lea, ngunit hindi magawang magpasya ng tama at kaya sa isang linggo matapos niyang mag asawa kay Lea siya ay nag asawa kay Raquel ang kapatid niya na babae pagkatapos niya bilang pangalawang asawa, at nahulog sa maramihang pag aasawa at sekswal na imoralidad at pag aasawa sa malapit na kamag anak, at nagpatuloy pa ang kalagayang iyon at naging asawa pa sina Bilha at Zilpa ang alipin ang kanyang dalawang asawa.

* Makikita mo kung paanong ang kinabukasan ng iyong mga anak ay nasa iyong mga kamay at hindi dapat natin silang ipadala malayo sa atin, * at upang hindi tayo gumawa ng mali at maging dahilan upang sila ay lumayo sa atin ni bigyan sila ng kalayaan na gumawa ng mahahalagang bagay na maaring magkamali nilang gawin ito sa tamang paraan at mahulog sa tunay na mga problema, tulad ng nangyari dito kay Jacob, na nahulog sa kamay ng kanyang sariling tiyuhin na walang pag iisip ni Cristo at naging dahilan upang si Jacob ay mahulog sa gayong kasalanan ng sekswal na imoralidad sa paggawa ng maramihang pag aasawa; Sinabi ni Pablo, ***"15 Hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong mga katawan ay mga sangkap ni Cristo? kukunin ko nga baga ang mga sangkap ni Cristo, at gagawin kong mga sangkap ng isang patutot? Huwag nawang mangyari. 16 O hindi baga ninyo nalalaman na ang nakikisama sa patutot, ay kaisang katawan niya? sapagka't sinasabi***

***niya, Ang dalawa ay magiging isang laman. 17 Nguni't ang nakikisama sa Panginoon, ay kaisang espiritu niya, 18 Magsitakas kayo sa pakikiapid. Lahat ng kasalanang gawin ng mga tao ay nangasa labas ng katawan; nguni't ang gumagawa ng pakikiapid ay nagkakasala laban sa kaniyang sariling katawan. 19 O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios? at hindi kayo sa inyong sarili; 20 Sapagka't kayo'y binili sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan ang Dios." (1 Corinto 6:15-20 KJV)*** * Upang panatilihing ang ating mga anak na malinis hanggang sa pag aasawa ay ating pananagutan bilang mga magulang at kailangan nating gabayan sila na mag asawa sa pinili ng Dios para sa kanila at hindi hayaan sila na mapasa ilalim ng mga taong tulad ni Laban na magdudulot ng kaguluhan sa kanilang buhay. * Ang pagkakasala laban sa katawan sa pamamagitan ng sekswal na imoralidad ay paghahandog ng kanilang mga katawan sa mga demonyo at hindi sa Dios, at guluhin ng mga demonyo. * Ang kinabukasan ng iyong mga anak ay nasa iyong mga kamay at kailangan mong matakot sa Dios at sundin ang Kanyang mga utos sa gayo'y ang nangyari kay Jacob ay hindi mangyari sa kanila.

Kapag sinabi nila, *'Ang aking anak na lalaki ay may sapat na gulag na upang magpasya para sa kanyang sarili'*, *'Ang aking anak na babae ikaw ay may sapat na gulang na para magpasya para sa kanyang sarili'*, *Siya ay may sapat na gulang na upang magpasya sa kanyang sarili'*, Ang kahulugan nito ay nais nilang itapon ang mga responsibilidad sa kanilang mga balikat. Ang sakit ay nasa aking puso at lumuluha habang inaayos ko ang mensaheng ito. Ang natuklasan ko sa Bibliya na nang hilingin ni Moises sa Dios na maglagay ng pinuno sa halip na siya, inutusan siya ng Dios na ilagay si Josue bilang pinuno bilang kahalili niya. Si Josue sa panahong iyon ay mga 100 hanggang 105 taong gulang nang siya ay itinalaga ng Dios na maging pinuno pagkatapos ng kamatayan ni Moises, ngunit ayon sa Dios maging si Josue ay hindi makapagpasiya para sa kanyang sarili ngunit kailangan niyang pumunta kay Eleazar na saserdote at tumayo sa kanyang harapan, na hihilingin sa Dios para sa kanya sa pamamagitan ng Urim at ng Tummim upang ibigay sa kanya ang desisyon ng Dios, ***"21 At siya'y tatayo sa harap ni Eleazar na saserdote, na siyang maguusisa tungkol sa kaniya, ng hatol ng Urim sa harap ng PANGINOON: sa kaniyang salita, ay lalabas sila, at sa kaniyang salita, ay papasok sila, siya at ang lahat ng mga anak ni Israel na kasama niya, sa makatuwid baga'y ang buong kapisanan." (Bilang 27:21 KJV)*** Hindi maaring magpasya si Josue para sa kanyang sarili, at sasabihin nila sa iyo hindi na kailangang pumunta sa pastor at humingi ng payo sa kanya, maari ka nang magpasya para sa iyong sarili, ang mga nagtuturo ng gayon ay naglalagay sa iba sa mga kaguluhan. Ano pa ang natagpuan ko sa Bibliya, natagpuan ko si Jacob na 84 taong gulang at napakabata pa niya para magdesisyon para sa kanyang sarili. Si Jacob sa isang linggo hindi lamang siya nag asawa ng dalawang babae kundi nagpakasal siya sa dalawang magkapatid na babae at nahulog sa maramihang pag aasawa, pangangalunya at pag aasawa sa malapit na kamag anak, kaya nga nang dumating si Moises ay sinabihan siya ng Dios na isulat laban doon upang hindi gawin ng mga Israelita ang kasalanan ni Jacob. ***"18 At huwag kang makikisama sa isang babaing kalakip ng kaniyang kapatid, na magiging kaagaw niya, na iyong ililitaw ang kahubaran nito, bukod sa kahubaran niyaon, sa buong buhay niya." (Levitico 18:18 KJV)***

Nang si Jacob ay bumalik mula sa Haran ang kanyang kapatid na si Esau ay nagtanong sa kanya sino ang mga babae at mga anak na kasama niya: ***"5 At itiningin ni Esau ang mga mata niya, at nakita ang mga babae at ang mga bata, at sinabi, Sinosino itong mga kasama mo? At kaniyang sinabi, Ang mga anak na ipinagkaloob ng Dios sa iyong lingkod." (Genesis 33:5 KJV)*** Sumagot si Jacob sa kanya tungkol sa kanyang mga anak, ***"Ang mga anak na ipinagkaloob ng Dios sa iyong lingkod."*** Ngunit walang sinabi tungkol sa mga babae na mayroon siyang apat na asawa. Itinikom niya ang kanyang bibig, nanatili siyang tahimik, maari niya bang sabihn ay Esau ang tungkol sa apat na babae na kasama niya, *"Ang mga asawa na ipinagkaloob ng Dios sa iyong lingkod."* Maari niya bang sabihin ang gayon? Ang sagot ay hindi. Nang umalis si Jacob, sinabi ng kanyang ama na mag asawa, ***"2 Tumindig ka, pumaroon ka sa Padan-aram, sa bahay ni Bethuel, na ama ng iyong ina, at kumuha ka ng asawa mula roon sa mga mangingisda ni Laban na kapatid ng iyong ina" (Genesis 28:2 KJV)*** Sinabi ni Isaac sa kanya, ***"at kumuha ka ng asawa"***, at batid ni Esau iyon ngunit ginawa ni Jacob silang apat kaya naman siya'y nahiya na sagutin at ipahayag iyon na sila'y kanyang mga asawa. * Ang gusto kong sabihin, Ako at ikaw ay maaaring manindigan sa mga tukso ngunit ang ating mga anak ay hindi, kaya hindi natin dapat itapon at hayaan silang pumasok sa mga tukso at mahulog sa kasalanan tulad ng gayon. * Magsisi at huwag kailanman sabihin na *'Anak kong lalaki sapat na ang edad mo para magpasya para sa iyong sarili', 'Aking anak na babae ikaw ay nasa sapat na gulang na upang magpasya para sa iyong sarili', 'Siya ay may sapat na gulang na upang magpasya sa kanyang sarili'*, Bakit? Dahil wala iyan sa Bibliya.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Sa pagpapadala sa iyong mga anak malayo sa iyo ay magdudulot sa kanila na mahulog sa mga kamay ng mapanganib na mga tao, sa mga tukso ng diablo, malantad sa maling pagpapasya at maling pagpili at sa sekswal na imoralidad, kasintahang lalaki, kasintahang babae, pakikiapid, maramihang pag aasawa, paghihiwalay at pag aasawang muli, pagiging solong ama, o solong ina, o solong ama na mag asawa sa hindi ama o ina ng kanyang anak o mga anak.

Lumapit ngayon sa Dios sa pagsisisi pagtalikod sa lahat ng iyong mga kasalanan at sa lahat ng iyong mga maling gawain. Baguhin ang iyong isip, magpakabait, at ilagay sa iyong isipan na ang kinabukasan ng iyong

mga anak, ng iyong mga inapo at ng hinaharap na salinlahi ay nasa iyong mga kamay ngayon. Magsisi Simbahan ng Dios sa pagpapadala sa iyong mga anak malayo sa iyo at maging handang gawin ang tama at magbago, na maaring makita at mahabag ng Dios sa iyo at sa iyong mga anak at mga inapo.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa lahat ng aral, pagtutuwid, at sa mga pagpapayo na tinanggpap ko sa mensaheng ito sa malinaw na pagpapakita sa akin ng aking maling gawa.*

*Magsisi ngayon at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa iyong pagsuway, at katigasan ng ulo sa pagiging hindi handang magsisi sa iyong mga kasalanan. Magsisi sa paggawa ng mga bagay ayon sa iyong sariling kagustuhan at plano at hindi naayon sa kalooban at plano ng Dios. Magsisi sa iyong sariling kaunawaan. Magsisi sa iyong pagnanasa, sa iyong imoralidad. Magsisi at talikdan ang iyong kawalan ng takot sa Dios sa iyong buhay, ang iyong kakulangan sa pananalangin at pagbabasa ng Bibliya. Magsisi at talikdan ang iyong kawalang ingat na kunin ang buong pananagutan para sa iyong mga anak sa pagpapadala sa kanila malayo sa iyo sa mga mapanganib na lugar, at ilagay sila sa mga taong mapanganib. Magsisi sa iyong pakikisama sa hindi mga mananampalataya at paglalaan ng higit sa sa iyong mga kaibigan, at sa Media. Magsisi at talikdan ang pagiging masamang halimbawa at masamang patotoo sa iba, at ang iyong kawalang kahandaang baguhin ang iyong mga landas at bumalik sa Dios at maglingkod sa Kanya. Panginoon patawarin mo ako, Ako'y nagsisi at tinalikdan ang sumusunod na mga kasalanan ___________________.*

*Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na baguhin ang aking isip at ihinto ang maling gawa nalalaman na hindi mo ako pagpapalain at ang aking mga inapo at mga alagad kung gagawin ko iyon. Panginoon buksan mo ang aking isipan at tulungan akong makita nang malinaw ang tamang daan para sundan ko at patnubayan ang aking mga anak sa pagdaan dito upang pagpalain. Panginoon nagtitiwala ako sa iyo na sa pagsunod ko sa iyo at pagpapalaki sa aking mga anak sa pagkatakot sa iyo na ibibigay mo ang magandang kinabukasan sa aking mga anak at poprotektahan sila mula sa lahat ng tukso at pagbagsak sa kasalanan at maglaan para sa kanila.*

*Panginoon, salamat sa iyo para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na napagtanto ang kanilang mga kasalanan at nagsisi mula sa kanilang mga maling gawa. Panginoon tulungan mo sila na baguhin ang kanilang mga maling gawa patungo sa kanilang mga anak, maawa ka sa kanila at sa kanilang mga anak. Panginoon panumbalikin mo sila at ang kanilang mga anak pabalik sa iyo. Panginoon tulungan mo silang maging isang mabuting halimbawa sa iba upang sundin ka. Panginoon patuloy na ipadala ang iyong Salita sa kanila at hatulan ang mga makasalanan sa kanilang mga maling gawa at akayin silang magsisi.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan, at tulungan kaming magpatuloy na turuan ang mga magulang na akayin ang kanilang mga anak sa landas na nais mong tahakin nila. Panginoon patnubayan kami sa mga tao na nais makinig sa iyong Salita at handang sumunod sa gayo'y ang bunga ay madala sa iyo. Panginoon patnubayan kami ng Banal na Espiritu na magpatuloy at magevangelio, at gumawa ng mga alagad at magsanay ng mga manggagawa na yumaon at magtanim ng mga pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon Dalangin ko para maraming mga alagad na mabautismuhan sa tubig at maraming manggagawa na mapuspos ng Banal na Espiritu. Panginoon tupdin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng Buong kalooban ng Dios.' Panginoon kunin ang mensahe at ipalaganap ito at hayaang ang iyong layunin ng pagpapadala nito ay matupad. Panginoon ihanda kami sa iyong pagparito na makasama mo kapag pumarito ka. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Kinabukasan ng ating mga Anak ay nasa ating mga Kamay Yugto 4. Genesis 24:1-6. Genesis 24:50-58. Mateo 6:13. Genesis 27:41. Genesis 31:36-42. Genesis 28:2. I Mga Taga Corinto 6:15-20. Bilang 27:21. Levitico 18:18. Genesis 33:5.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com